


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

1

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 3
## Wastong Baybay at Bantas ng mga Salita at Pangungusap



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Janevi V. Sumiog – Master Teacher-1
**Editors:** Jocelyn G. Lopez, Master Teacher-1
Roldan L. Cagas, Teacher-1
**Tagasuri:** Rizalyn II P. Camado, Teacher-3
Mary Ann O. Mandao, Master Teacher-1
Jenni Lou S. Forro, Teacher-1
**Tagapamahala:** SDS Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
ASDS Visminda Q. Valde, EdD
ASDS Raymond M. Salvador, EdD, CESE
CID Chief Juliet A. Magallanes, EdD
EPS Florencio R. Caballero, DTE
EPS Josephine L. Tomboc, EdD



# Alamin

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang pagbabaybay nang wasto ng mga salitang natutuhan sa aralin/batayang talasalitaang pampaningin.

Kumusta na kayo mga bata? Sana naman sa araw na ito kayo ay nasa mabubuting kalagayan at masaya sa pagharap ng mudyol natin ngayon.

May mga gawain akong inihanda para sa inyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Naisusulat nang may wastong baybay at bantas ang salita at pangungusap na ididikta ng guro. **(F1KM-IIIe-2)**



# Balikan

Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga tanong:


## Si Carmelita

*Sinulat ni: Janevi V. Sumiog, MT-1*



*Source: clipart.me*

Ito si Carmelita. Siya ay isang masayahin na batang babae. Mayroon siyang isang alagang ibon. Inalagaan at pinakakain niya ito araw-araw sa loob ng kanyang kulungan.


Source: Clipart.me


Source: slideshare.net

Isang hapon, kinuha at hinawakan niya ang ibon. Inilagay niya ito sa isang mesa para pakainin. Kumuha siya ng makakain sa isang kahon ngunit pagbalik niya sa kinalalagyan nito, lumipad ang ibon. Malungkot na malungkot si Carmelita.

**Mga tanong:**

1. Sino ang pinag-uusapan sa kuwento? ______________________
2. Anong uring bata si Carmelita? ____________________________
3. Ano ang inaalagaan ni Carmelita? __________________________
4. Bakit lumipad ang kanyang alagang ibon?
   ______________________________________________________
5. Kung ikaw si Carmelita, ano ang mararamdaman mo kung mawawala ang iyong alagang ibon?
   ______________________________________________________.



# Tuklasin

A. Tingnan at bigkasin ang mga salita nang malakas. Punahin ang tamang pagkakasulat nito.

| | | |
|---|---|---|
| Carmelita | masayahin | ibon |
| mesa | kinuha | malungkot |

Ang mga salitang iyong binigkas ay pawang tama at wasto ang pagkabaybay at pagkasulat.

Balikan ang maikling kuwentong "Si Carmelita". Isulat ang tamang baybay ng nawawalang salita sa pangungusap.

1. Siya ay isang masayahin na batang __________ .
2. Mayroon siyang isang _________________ ibon.
3. Pinakakain niya ito araw-araw sa loob ng kanyang _______________ .
4. __________ at hinawakan niya ang ibon.
5. Inilagay niya ito sa isang ____________ para pakainin.



# Suriin

A. Sa pagsulat at pagbabaybay ng mga natutunang salita ay dapat mananatili sa pagsulat at pagbasa ng mga karaniwang salita.

**Tandaan:**

- kung ano ang bigkas ay siyang sulat at kung ano ang sulat ay siyang basa;
- tamang mga letra sa bawat pantig ng mga salita;
- sa unang tingin, tandaan mo ang tamang baybay ng mga salita;
- panatilihin ang orihinal, tamang anyo at layo ng bawat letra ng salita;
- gumamit ng maliit na letra sa pagbabaybay ng karaniwang salita;
- dapat malinaw ang mga mata at maagap ang pandinig upang maisulat ang wastong baybay ng salita.

Halimbawa: kulungan

| | |
|---|---|
| Mga pantig: | ku / lu / ngan |
| Tama: | kulungan |
| Mali: | ku – lung – an |

B. Sa paggawa naman ng pangungusap at paggamit ng wastong bantas:

**Tandaan:**

- Magsimula ang pangungusap sa malaking titik at nagtatapos ng tuldok.
- Magsimula din sa malaking titik para sa totoong pangngalan.
- **Halimbawa:** ***I****sang batang masayahin si* **C***armelita***.**
- Gumamit ng kuwit sa tatlo o higit pang mga salita.
  **Halimbawa:** *Kumain ng mangga***,** *bayabas at saging ang bata.*



# Pagyamanin

**Panuto:** Basahin ang isang tula. Sagutin ang mga tanong sa susunod na pahina.



Clipart.library.com

Aso
" Ako ay may alaga;
Asong mataba,
Buntot ay mahaba;
Makinis ang mukha".

*Source: Teodoso, J.A., slideshare.net, 2013*

A. Sagutin nang buong pangungusap ang mga tanong tungkol sa tula. Punan ang mga kahon at patlang upang mabuo ang pangungusap gamit ang wastong baybay ng salita at bantas.

1. **Tanong:** Anong hayop ang tinutukoy sa tula?

   **Sagot:** Ang ______ na tinutukoy sa tula ay_______ **.**

2. **Tanong:** Ano-ano ang mga katangian ng aso na nababanggit sa tula?

   **Sagot:** Ang mga katangian ng aso na nabanggit sa tula ay __________ **,** mahaba ang ______________

   at makinis ang ______ .

3. **Tanong**: Sa iyong palagay, bakit mataba at makinis ang mukha ng aso?

   **Sagot:**____________________________________________________________

B. Tingnan ang mga magulong letra ng mga salita sa kolum Lagyan ng linya mula kolum A patungong kolum B ang tamang ayos ng mga letra para maging makabuluhang salita basi sa maikling tula.

| **Kolum A** | **Kolum B** |
|---|---|
| 1. oas | mukha |
| 2. taamba | aso |
| 3. khamu | makinis |
| 4. abaahm | mataba |
| 5. ismanik | mahaba |

C. Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Subukang makadiskubre ng bagong salita ayon sa pangalan nito.


Source: shutterstock.com.739920562

1.____________


Source: Clipart.library.com

2. _____________


Source: indiamart.com

3. _____________


Source: taste.com.au

4. _______________


Source: pgntree.com

5. ______________



# Isaisip

Ang mahalagang tuntunin na dapat tandaan sa wastong pagbabaybay at wastong paggamit ng bantas sa pangugusap ay:

- nananatili ang orihinal na baybay ng karaniwang salita
- may wastong hugis, layo ng bawat letra
- kung ano ang bigkas ay siyang sulat at basa.
- magsimula sa malaking titik ang pangungusap at nagtatapos ng tuldok.
- gumamit ng kuwit sa tatlo o higit pang salita.



# Tayahin

**Panuto:** Bilugan ang titik na may wastong baybay ng mga salita o pangungusap na dapat ipalit mga nakasalungguhit na salita o pangungusap na may maling baybay.

1. gumAMet ng face mask kung lalabas ng bahay.
   A. gumamit C. Gomamit
   B. gomamit D. Gumamit

2. Malayo tayo sa sakeyt kung malinis ang ating paligid.
   A. sokit C. saket
   B. sakit D. socket

3. Maghugas ng mga kamay upang mapanatili ang kaLeneSan.
   A. kalinisan C. calinisan
   B. KaLlinisan D. kalenesan

4. Sundin ang utos ng ating panGinoon.
   A. Panginoon C. PaNgInOOn
   B. PaiNGinoon D. pangenuon

5. Gumamit tayo ng Sabun TubEg at Tuwalya Sa PagliliGo araw-Araw
   A. Sabun, Tubig at Tuwalya sa pagliligo araw-araw.
   B. sabon, tubig at tuwalya sa pagliligo araw-araw.
   C. Sabun. Tubeg. Tuwalya sa Pagliligo Araw-araw,




# Karagdagang Gawain

**Panuto**: Basahin ang lipon ng mga salita sa loob ng kahon. Ayusin ito upang maging makabuluhang pangungusap. Gamitin ang wastong baybay at bantas.

1. 



| Tao sa marameng Palengke. |
|---|

A. Maraming palengke sa tao,
B. Maraming tao sa palengke.
C. Marameng sa palengke tao,
D. Sa tao maraming palengke,

2. 

| gulay Prutas at isda. Ang pagkain masunstansiyang |
|---|

A. Masustansiyang pagkain ang gulay, prutas at isda.
B. masustansiyang Pagkain Ang gulay. Prutas, at Isda.
C. Gulay Prutas at isda Ang Pagkain masustansiyang,
D. masustansiyang pagkain Ang gulay. Prutas, at Isda.

3. 

Source: clipart.library.com

| Bola Ang ilalim ay mesa. Nasa ng |
|---|

A. Nasa Bola ang ilalim ay mesa.
B. Ang bola ay nasa ilalim ng mesa.
C. ilalim ng nasa mesa ang Bola,
D. Nasa ilalim ang Bola ng mesa,

# Susi ng Pagwawasto

**PAGYAMANIN:**

A. 1. hayop , aso
2. mataba , buntot , mukha.
3. (Answers may vary)

**B.** 1. Aso
2. mataba
3. mukha
4. mahaba
5. makinis

**C.** 1. baka
2. bola
3. bayabas
4. itlog
5. eroplano

**BALIKAN:**

1. Carmelita
2. masayahin
3. ibon
4. inilabas niya ang ibon sa kulungan at inilagay sa mesa
5. (iba-ibang sagot)

**TAYAHIN:**

1. D
2. B
3. A
4. A
5. B

**Karagdagang Gawain:**

1. B
2. A
3. B

**TUKLASIN:**

B. 1. babae
2. alagang
3. kulungan
4. Kinuha
5. mesa

# Sanggunian


Department of Education. *Most essential learning competencies*. Philippines: Department of Education, 2020.